

## Gabay sa Talakayan para sa Pag-uusap Tungkol sa Pag-aabuso

---

Ang pakikipag-usap sa mga taong may sensitibong paksa tulad ng pag-aabuso ay maaaring napaka-nakakahamon. Ang sumusunod na gabay sa pag-uusap ay nilalayon na maging isang kasangkapan para makatulong sa mga direct support professional (DSPs) kapag nagkakaroon ng mahirap na pag-uusap tungkol sa mga indibidwal na sinusupportahan nila.

### Pag-alam sa Katotohanan

Bago mag-usap tungkol sa pang-aabuso, mahalaga na hanapin at unawain ang may kaugnayang impormasyon sa paksa. Narito ang iilan sa mga katotohanan:

- Higit sa 90 porsyento ng mga survivor ng pang-aabuso na may kapansanang intelektwal at developmental o intellectual and developmental disabilities (I/DD) ang nakakakilala sa kanilang mga taga-abuso<sup>1</sup>.
- Mga kalahati ng mga taga-abuso ang may relasyon sa biktima na partikular na may kaugnayan sa kanilang kapansanan (hal., staff ng pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, mga tagabigay ng transportasyon)<sup>2</sup>.
- Ang mga survivor ng pang-aabuso na may mga kapansanan ay kadalasang nakakaranas ng maramihang pagkakataon ng pang-aabuso, kabilang ang pag-aabuso na humahaba sa paglipas ng panahon, kung ihahambing sa mga taong walang kapansanan<sup>3</sup>.
- Ang pang-aabuso ay nagaganap kanimuman anuman ang kanilang kasarian o edad.

### Paano Suportahan ang isang Indibidwal na Pinagmamalaskitan Mo

#### Makipag-usap sa isang Superbisor

- Makipag-usap sa isang taong pinagkakatiwalaan mo sa iyong propesyon tungkol sa iyong mga paghihinala at magplano para sa mga aksyon na gagawin.

#### Pag-usapan ang Isyu kasama ang Indibidwal

- Tanungin ang indibidwal na pinaghihinalaan mong inaabuso tungkol sa kung paano sila tinatrato ng pinaghihinalaang taga-abuso.
  - Tiyakin na pag-usapan ito sa isang ligtas na lugar.

<sup>1</sup> [https://pcar.org/sites/default/files/resource-pdfs/tab\\_2019\\_supporting\\_survivors\\_with\\_idd\\_508.pdf](https://pcar.org/sites/default/files/resource-pdfs/tab_2019_supporting_survivors_with_idd_508.pdf)

<sup>2</sup> <https://www.thearc.org/document.doc%3Fid%3D5145>

<sup>3</sup> [https://pcar.org/sites/default/files/resource-pdfs/tab\\_2019\\_supporting\\_survivors\\_with\\_idd\\_508.pdf](https://pcar.org/sites/default/files/resource-pdfs/tab_2019_supporting_survivors_with_idd_508.pdf)

## Mga Balakid na Nahaharap ng mga Survivor na may Kapansanan

Ang mga survivor na may kapansanan ay maaaring mahaharap sa karagdagang mga balakid kapag nagtatangkang humingi ng tulong, kabilang ang sumusunod:

- Ang mga tugon sa suporta para tugunan ang pang-aabuso ay maaaring hindi epektibo, at /o hindi angkop mula sa komunidad at/o mga organisasyon ng mga provider.
- Maaaring may kakulangan sa mga mapapakinabangang pagkukunan ng impormasyon at/o mga akomodasyon mula sa mga tagabigay ng serbisyo.
- Ang hindi pamilyar na mga pananalita at/o mga pangangailangan sa komunikasyon ay maaaring mas magpapahirap nito para sa mga propesyonal na nangangalaga para maunawaan ang indibidwal.
- Ang mga indibidwal na may I/DD ay maaaring hindi paniwalaan kapag nagsumbong ng pang-aabuso.
  - Huwag ipagpalagay, base sa antas ng abilidad, na ang isang indibidwal ay nagkakamali.

## Mga Tip sa Pag-uusap

Mahalagang gamitin ang pagmamalasakit kapag nakikipag-usap tungkol sa pang-aabuso kasama ang mga indibidwal na may mga kapansanan. Narito ang ilang tip:

- Tiyakin na nagaganap ang pag-uusap sa isang ligtas na lugar.
- Gamitin ang malinaw na mga kahulugan at mauunawaang pananalita sa buong pag-uusap.
- Paniwalaan ang mga survivor ng mga pang-aabuso – seryosong tanggapin ang lahat ng mga sumbong.
- Mag-abiso at magsumbong sa mga angkop na ahensya para makahingi ng tulong.
  - Huwag balewalain ang mga boses ng mga indibidwal na may I/DD bilang hindi kapani-paniwala.
- Mag-alok ng suporta at mapagkukunan ng impormasyon kaugnay ng pag-uusap.
  - Mahalaga na may nakahandang mapagkukunan ng impormasyon at ang isang plano para suportahan ang mga survivor ay nakahanda na.

## Mga Tanong na Itatanong sa isang Survivor ng Pang-aabuso na may I/DD

### Pagbasag sa Katahimikan

- “Ano ang magagawa ko para mas maging komportable/ligtas ka habang nag-uusap tayo sa araw na ito?”
- “Sa pangkalahatan ano ang pakiramdam mo ngayon? Kumusta ang iyong emosyonal na pakiramdam? Pisikal na pakiramdam?”

## Tool

- “Kailangan mo bang kukunan kita ng anumang pantulong sa komunikasyon na makatulong sa atin na malayang makapag-usap at para maging komportable ka sa araw na ito?”

### **Pag-alis mula sa Maabusong Sitwasyon**

- “Pinag-iisipan mo ba ang tungkol sa pag-alis sa relasyon? Iniisip mo ba ang tungkol sa kung paano mananatiling ligtas kapag umalis sa maabusong sitwasyon?”
- “Sa palagay mo saan ka pupunta kapag umalis ka, at sa palagay mo paano ka makakapunta roon?”
- “Sino ang mga taong kilala mo at pinagkakatiwalaan na makakatulong sa iyo sa pag-alis/paglabas mula sa maabusong sitwasyon?”

### **Pananatiling Ligtas**

- “Ano ang kasalukuyang mga pangkaligtasang alalahanin? Ano ang mga pangkaligtasang alalahanin para sa hinaharap?”
- “Anong mga lugar sa inyong komunidad ang ligtas para sa iyo na puntahan? Saan mo nararamdaman na hindi ligtas? Ano ang mga hakbang na magagawa mo para protektahan ang mga espasyong iyon?”
- “May mga kaibigan ka ba o tagapayo na pwede mong makakausap?”
- “Ano ang iyong pinakamalaking alalahanin tungkol sa pananatiling ligtas mula sa iyong taga-abuso? Ano ang magagawa mo para pangasiwaan ang alalahaning iyon?”

### **Mga Pangangailangan ng Tulong**

- “Ano-anong mga uri ng pantulong na teknolohiya ang kapaki-pakinabang sa iyo, at paano mapapangalagaan ang mga device na kailangan mo?”
- “Ano-anong mga mapagkukunan ng impormasyon ang makakatulong sa iyo para makaramdam na mas ligtas?”
- “Ano-anong mga mapagkukunan ng impormasyon ang makakatulong sa iyo na bumuo ng pangkaligtasang plano sa ngayon at sa hinaharap?”

### **Karagdagang Mapagkukunan ng Impormasyon:**

- <http://www.calcasa.org/wp-content/uploads/files/angie-blumel-advocate-guide-safety-planning-final-printer.pdf>